# PAANO MAGPATINGIN SA ISANG ESPESYALISTA

SAN FRANCISCO HEALTH PLAN™
*Here for you*

Maaari kang bumisita sa isang espesyalista kung kailangan mo ng pangangalaga ng eksperto para sa isang partikular na uri ng problema. Ang mga espesyalista ay mga surgeon, doktor sa puso, doktor sa allergy, doktor sa balat, at iba pang doktor na nagtatrabaho sa isang bahagi ng pangangalagang pangkalusugan.

Hihingian ka ng karamihan sa mga espesyalista ng referral mula sa iyong provider ng pangunahing pangangalaga (PCP) bago ka magpa-appointment.



## Paano Magpa-appointment

Binabalangkas ng mga hakbang sa ibaba ang mga hakbang na maaaring kailanganin mo upang makakuha ng appointment sa espesyalista.

Posibleng may mga naiibang hakbang ang opisina ng iyong PCP. Makipag-ugnayan sa opisina ng iyong PCP para sa mga partikular na detalye sa Mga Specialty Referral sa iyong network ng pangangalagang pangkalusugan.

### 1 MAKIPAG-USAP SA IYONG PCP

- Bisitahin ang iyong PCP upang pag-usapan ang tungkol sa iyong mga pangangailangan sa kalusugan at hilingin na magpatingin sa isang espesyalista
- Tutulungan ka ng iyong PCP na magpasya kung sa aling espesyalista magpapatingin. Ang espesyalista kung kanino ka magpapatingin ay maaaring nakabatay sa iyong mga pangangailangan sa kalusugan, seguro, at kung kailan ka matitingnan ng espesyalista.

### 2 MAGPAPADALA NG REFERRAL ANG PCP

- Ipapadala ng iyong PCP ang iyong referral sa espesyalista sa pamamagitan ng sulat o fax

### 3 SUSURIIN NG ESPESYALISTA ANG REFERRAL

- Bago ka magpa-appointment, dapat suriin ng espesyalista ang iyong referral
- Ang referral ay nagbibigay sa iyo ng pahintulot na magpatingin sa espesyalista

### 4 MAGPAISKEDYUL NG IYONG APPOINTMENT

- Kapag nasuri na ang iyong referral, makakakuha ka ng mga detalye kung paano ka makakapagpa-appointment
- Para sa pangangalaga ng espesyalista na hindi agaran, dapat kang kumuha ng appointment sa loob ng 15 araw ng trabaho
- Kung hindi ka makakakuha ng mga detalye ng appointment para sa espesyalista, makipag-usap sa opisina ng iyong PCP para sa tulong

### 5 MAKIPAG-UGNAYAN SA IYONG PCP

- Ang iyong espesyalista at PCP ay dapat magtulungan upang mabigyan ka ng pinakamahusay na pangangalaga
- Makipag-ugnayan sa iyong PCP matapos magpatingin sa espesyalista upang pag-usapan ang tungkol sa mga susunod na hakbang sa iyong pangangalagang pangkalusugan

000633TL 0624